

PRONOUNCIATION AND ENUNCIATION OF IBANAG LANGUAGE

DYAN BACCAY-VALDEPEÑAS

Isabela State University
Cabagan Campus, Cabagan, Isabela

Abstract

Since Ibanag is spoken in various local communities in the provinces of Isabela and Cagayan, they are truly remarkable in the use of the language whether spoken or written. Due to the length of many Ibanag word, which are the result of suffixes and additions, due to the difference in stress and pronunciation in words that have the same letter but differs in meaning and function in sentence, it often happens that there are not just one but up to two or three stress in a word. The use of the stress cannot be avoided, Ibanag language must be prepared to be clear to the knowledge of non-Ibanag who will use it. The main purpose of this research is to assess the correct pronunciation of the Ibanag words and to determine the problem in codification of the written and spoken Ibanag language. In this study, the descriptive method was used to analyzed the pronunciation of Ibanag language that will be interpreted. The qualitative method was used in interview, document analysis and actual participation and observation, natural occurring talk of Ibanag people in different occasions or activities.

Keywords: Ibanag language, enunciation, pronunciation

PALATULDIKAN AT PALABIGKASAN NG WIKANG IBANAG

Yamang ang Ibanag ay sinasalita sa iba't ibang lokal na komunidad sa lalawigan ng Isabela at Cagayan, tunay na kapansin-pansin ang mga ito sa paggamit ng wika pasalita man o pasulat. Dahil sa kahabaan ng maraming salitang Ibanag, na bunga ng mga paglalapì at pag-aanib, at dahil sa pagkakáiba-iba ng díin at bigkás sa mga salitang íisa ang sulat ngunit dî íisa ang kahulugán at tungkulin sa pangungusap, kung kayâ nangyayaring madalas ang pagkakaroon ng 'dî lamang íisa kundî hanggang dalawa o tatlo pang tuldík sa isang salitâ. Ang pagtutuldík ng ilán ay hindi maíiwasan, Kailangang ihanda ang wikang Ibanag upang maging maliwanag sa kaalamán ng mga di-Ibanag na gagamit nito. Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay masuri ang tamang bigkas ng salitang Ibanag sa pamamagitan ng paggamit ng tuldik, malumay, malumi, mabilis, maragsa at mariin at matukoy ang suliranin na kinaharap kodipikasyon ng wikang Ibanag sa pasulat at pasalita. Sa pag-aaral na ito ginamit ang palarawang/deskriptibong paraan sa pagsusuri ng bigkas ng wikang Ibanag. Ang kwaliteytib na pamamaraan ay ginamit sa interbyu, document analisis at aktwal napakikilahok at obserbasyon/pagmamasid, likas na daloy ng pag-uusap ng mga mamamayang Ibanag sa iba't ibang okasyon o gawain.

Mga susing salita: wikang Ibanag, palatuldikan, palabigkasan

Kaligiran ng Pag-aaral

Bunga ng pangangailangan sa mga lugar na nagsasalita ng wikang Ibanag, ang pag-aaral na isinagawa sa Estructura ng palatunugan, ang paggamit ng wika ay nararapat ngunit ang istandardisasyon ng wika ay masasabing imposible dahil sa ang wika ay dinamiko, ang mga gumagamit ng wika ay nangangailangan ng sapat na impormasyon. Sa halip na iutos, ang mga gumagamit ng wika ay nararapat na mabigyan ng sapat na tagubilin at patnubay para sa ikabubuti nito (Balog & Gonzales, 2021). Iminungkahi ang pagiging mahusay at mabisa sa pamamagitan ng gamit nito ngunit walang kaukulan balarila ang isasaalang-alang sa bawat tagapagsalita ng wika. Ang mga may kapangyarihan ay isang salik sa usaping pangwika. Hindi man pagsasaalang-alang ngunit ito ay kultural na nakapangyayari sa kasanayan na makatutulong sa mga suliranin ng mga usaping pangwika (Anotonio, 2021). Ang suporta ng mga kinaukulan, organisasyon at mga institusyon sa pagbuo at pag-unlad ng mga sulating materyal sa wika para sa kodipikasyon nito gaya ng ortograpiya, diksyunaryo at iba pa sa wikang Ibanag ay ang pinakamainam na salik sa pagpapanatili ng sistemang pasulat sa larangan ng wika (Tarun 2020).

Binanggit sa pag-aaral na isinagawa ni Tharp (1974) inihambing nito ang ponolohiya ng wikang Northern Cordilleran kabilang ang Ibanag, Ilokano, Gaddang, Yogad, Agta. Atta at Casiguran Dumagat, na ang pinagtuunan ng pag-aaral ay ang pagbigkas at palatunugan, ang pagsusuring isinagawa lamang sa leksikal na antas nito, walang naging halimbawa ng pagbigkas o salita na mailalarawan ang paninindigan sa kaibahan nito. Inilahad din sa pag-aaral ang mga ilan lamang na mga halimbawang nalikom sa diksyunaryo na naitala sa panahong iyon.

Ang pagtutuldik ng ilan ay hindi maiiwasan, kung talaga namang hangad na mabawasan, hangga't maaari, ang pagkakamalî sa mga pakahulugan. Kailangang ihanda ang wikang Ibanag upang maging maliwanag sa kaalamán ng mga di-Ibanag na mag-aaral at gagamit nito. Tungkol naman sa at paraang makababawas sa mga dahilan ipagkamali sa pag-aaral, pagsulat at pagbigkás ng mga salitâ, na mahigít sa dalawa o tatlo ang ang paiba-ibâ ng kahulugan at tungkulin sa pangungusap, ay dapat malaman at may pangangailangan na gamitin nang sápitán at maaari ding hindi na magagamit sa mga pagsulat at paglilimbág, kung di na gaanong kailangan (Banares, 2022).

Dalawang bayan ng Isabela ang napili sa pag-aaral na ito, ang Cabagan at Tumauni kung saan ang Ibanag ng dalawang bayan ay may pagkakaiba sa bigkas ng salitang Ibanag. Limangpung taong gulang (50) pataas ang edad ng naging respondente. Ang mga tiyak na layunin na tinugunan sa pag-aaral na ito: maipakita ang tamang bigkas ng wikang Ibanag; matukoy ang suliraning kinaharap sa kodipikasyon ng wikang Ibanag sa pasulat at pasalita.

Metodolohiya

Ginamit ang palarawang/deskriptibong paraan sa pagsusuri ng estruktura ng wikang Ibanag sa anyong ponolohikal na katangiang panglinggwistika nito. Ang kwaliteytib na pamamaraan ay ginamit sa interbyu, document analisis at aktwal napakikilahok at obserbasyon/pagmamasiid, likas

na daloy ng pag-uusap ng mga mamamayang Ibanag sa iba't ibang okasyon o gawain. Sa document analysis, isinagawa ang pagbabasa ng mga babasahing nakasulat sa Ibanag, itinala ang mga buhay na buhay at umiiral sa mga komunidad ng Ibanag.

PAGTATALAKAY

A. Palatuldikan

Bigkas at Tuldik				
Malumay	Malumi	Mabilis	Maragsa	Mariin
• kanáyùng-kana:yun (palagi) • úffùn - úf.fun (tulong) • nófu-nó:fu (naubos) • mánaw-ma:naw (aalis)	• sapátù-sapá:tù (sapatos) • sweldù-swel.dù (sweldo) • kakò-ka:kò (lola) • kitù- ki:tù (aso)	• unág-u.nag (loob) • futú-fu.tu (puso) • afú-a.fu (apo) • lawáng-la.wan (labas)	• avvû-a.vvû (lubak) • baggâ-bag.gâ (bigas) • ugô-u.gô (mali) • galô-ga.lô (tawa)	• yénâ-ye.na (ina ko) • wagî-wa.gi (kapatid ko) • ána-a.na (mga anak) • áfû-a.fû (mga apo)

Sa pag-aaral na isinagawa, ang mga salitang inilahad ay pinatunayan sa batay sa kumpirmasyon at balidasyon sa tamang pagbigkas ng mga Ibanag. (Tarun 2020).

Ang **malumay** na pagbigkas, binibigkas na marahan o mabagal ang bigkas ng salita at laging nasa una o mga gitnang pantig, may diin sa pagbigkas sa ikalawang pantig buhat sa hulihan. Ito ay ginagamitan din ng tuldik pahilis o paiwa. Maaaring magtapos ang salitang malumay sa patinig o katinig. Sa mga nabanggit na halimbawa ng pagbigkas ng salitang malumay na Ibanag, may mga ponema mang nawala o napapalitan, hindi pa rin nagbabago ang pagbigkas ng marahan at dahan-dahan sa unahan at gitnang pantig na kinalalagyan ng tuldik na siyang magsasabi ng tamang pagbigkas ng mga salitang malumay na Ibanag. Binibigkas nang malumay ang salitang /kanayung/ na nangangahulugang palagi, tulad sa mga naunang pahayag, may pagkakataon na nawawala ang ponemang /g/ sa hulihan ng salita subalit mas nagagamit ang salitang /kanayung/ kaysa sa /kanayun/ sa mga lugar na nasasakupan. Sa mga nakasulat, isinulat ang salitang /kanayung/ na may ponemang /g/ sa hulihan nito. Mas ginagamit sa pasulat ang salitang /kanayung/ kaysa sa salitang /kanayun/. Tulad sa naunang nabanggit, ang /uffung/uffun/ (tulong) ay nawawala ang ponemang /g/ sa hulihan ng salita sa lugar ng Tumauni, nananatili naman ang /g/ sa ibang lugar na nasasakupan. May nawala mang ponema sa salita ay nananatili pa rin ang kahulugan nito gayundin ang malumay na pagbigkas ng salita.

Sa naunang paliwanag sa nakasulat na mga pahayag, ang salitang /uffung/ ay hindi nawawala ang ponemang /g/, subalit kapag ito ay ikinabit sa panlaping -an tulad sa salitang /uffunan/ na nangangahulugang “tulongan” ay nawawala ang ponemang /g/ at nanatili ang salitang /uffun/. Gayundin kapag ikinabit sa iba pang panlapi tulad ng salitang /uffunammu/ (tulongan mo), sa

lumang kasulatan, ang salitang /uffunammu/ ay isinusulat ng magkahiwalay ay may gitling /uffunam-mu/ at /uffunam mu/, sa bagong kasulatan ay pinagsama ang dalawa na naging /uffunammu/ na siyang ginagamit na sa kasalukuyan.

Sa pahayag na ito, ang salitang nófu (ubos) na bibigkas ng malumay na nasa unang pantig ng patinig ang tuldik nito, gayundin sa mga nakasulat, kung ano ang bigkas ay siya ring sulat ng salitang nófu. Ang salitang nófu ay kinabitan ng panlapi tulad ng salitang /nofutan/ (naubusan) sa nakasulat na pahayag ngunit sa pasalitang pahayag ay ginagamit din ang salitang /nofukan/ o /nofutan/ napalitan ang isang ponemang /t/ sa /k/, kung minsan ay binibigkas ding ito na may ponemang /g/ sa hulihan tulad ng /nofutang/ o /nofukang/. Mapalitan man ang isang ponema o kaya madagdagan ay hindi naman nagbabago ang kahulugan ng salita nito. Ang salitang /manaw/ na nangangahulugang aalis ay binibigkas ng malumay. Sa pasulat at pasalita ng salitang /manaw/ ay walang pagbabagong nagaganap.

Ikalawa, ang **paiwà** (`), Ang bigkas nito ay **malumì**. Ito'y binibigkas nang dahan-dahan at may diin sa ikalawang pantig buhat sa hulihan. Ang ipinagkaiba lamang ng dalawang pagbigkas na ito ay ang impit na tunog sa dulo ng mga salitang malumi. Palaging nagtatapos sa tunog patinig ang malumi. Lagi itong nasa huling pantig. Nilalagyan din ito ng tuldik na pahilis at malúmay kung higit sa dalawa ang pantig.

Aktwal na Bigkas
sapá:tù

Pasulat na Baybay
sapátu

Ipinapakita sa itaas ang aktwal na pagbigkas sa pasulat na pagbaybay ng salitang /sapatu/ (sapatos). Ginamit ang salitang /sapatu/ sa pagsulat na may tuldik na pahilis sa ikalawang pantig ng patinig. Sa dalawang magkaibang pahayag, parehong bibigkas ang salitang /sapátù/ (sapatos), bibigkas nang walang pagkakaiba. Tinutuldikan ito ng pahilis sa ikalawang pantig ng patinig at paiwa naman sa huling pantig ng patinig nito.

Sa pahayag na salitang /sweldù/ (suweldo), malumi ang pagbigkas, nasa huling patinig ng huling pantig ang tuldik na paiwa. Sa pasulat na pahayag, ang salitang /sweldu/ kapag kinakabitan ng ponemang /ma/ sa pahayag na /massweldu/ (susuweldo), nauulit ang titik ng unang pantig ng salitang-ugat na /sweldu/.

Ang salitang /kakò/ (lola) ay binibigkas ng malumi, sa ginamit na pahayag ang tuldik na paiwa sa huling patinig ng huling pantig ay binibigkas nang dahan-dahan at may diin sa ikalawang pantig buhat sa hulihan ng salita.

Sa pahayag na, “*Ananoy! Kadaradday na kitù.*” (Ang lalaki ng mga aso) ang salitang /kitù/ (aso) ay tinutuldikan ng paiwa at binibigkas ng dahan-dahan mula sa ikalawang pantig buhat sa hulihan ang diin nito. Ang nakasulat na salitang /kitu/ sa pahayag na, “*I matay gafu kani Jeroboam ay kanan na ira na kitu.*” Walang anumang tuldik ang salitang /kitu/ na nakasulat, ngunit ang tinutukoy dito ay isang hayop na aso. Gayundin sa isa pang nakasulat na “*Ta pinanizzilan na kitu ira ta daga ni Naboth*”, wala ring tuldik ang salitang /kitu/ ngunit ang tinutukoysa pahayag ang aso na isang hayop.

Ikatlo, ang **pahilis** ('), Ang mga salitang mabilis ay binibigkas nang tuluy-tuloy na ang diin ay nasa huling pantig. Wala itong impit na tunog. Maaaring magtapos ang mga salitang binibigkas nang mabilis sa katinig o patinig. Ginagamitan ito ng tuldik na pahilis (') na inilalagay sa ibabaw ng huling patinig ng salita.

Ginamit ang salitang /unag/ (loob) sa aktwal na pagbigkas sa pahayag na nasa itaas, sa isang lugar na nasasakupan ng pag-aaral ang salitang /unag/ ay nagiging /unak/, napapalitan ng /k/ ang /t/, ngunit walang pagbabago sa kahulugan ng salita at nanatili ang pagbigkas na mabilis. Sa pasulat na baybay sa salitang /unag/ ang ginagamit sa mga nakasulat na babasahin. Ang pahayag na “*Ta agkaw na liggu ay simillung si Jesus ta **unag** na balay na Fariseo*” nanatiling /g/ ang ginamit sa salitang /unag/ at hindi /unak/

Ang salitang /futú/ (puso) na nasa huling patinig ng huling pantig ang tuldik pahilis na bibigkas nang mabilis ay makikita sa pahayag na, “*nakkatomba fun na dupo awang lallagu tu **futú** tu mala ku*”, ang salitang /futu/ ay maririnig sa mga lugar ng nasasakupan ng pag-aaral nang walang pagkakaiba at nasa mabilis na pagbigkas. Sa nakasulat na salitang /futu/ naipapakita sa kasulatan na “*Tudduwattam I futu tam nga manammuang nu anni I masikang*”. Ipinahayag na ang salitang /futu/, pasulat maging pasalita o pagbigkas ay pareho at walang pagkakaiba sa tinututkoy na salitang puso.

Sa pahayag sa itaas na “*muttág ka ngana tatung have na **afú** mu ta lawang*”, binibigkas ng mabilis ang salitang /afu/, nasa huling patinig ng huling pantig ang tuldik pahilis. Sa pasulat na pahayag, makikita na walang pagkakaiba sa pasulat at pagbigkas ng salitang ito sa pahayag na “*Si Mefiboset, nga **afu** ni Saul kani Jonatan*”. Nanatili ang bigkas at baybay sa salitang /afu/ pasulat man o pasalita.

Ikaapat, ang **pakupyâ** (^), Ang bigkas nito ay **maragsâ**. Binibigkas nang tuluy-tuloy na tulad ng mga salitang binibigkas nang mabilis, subalit ito’y may impit o pasarang tunog sa hulihan. Tulad ng malumi, ito ay palagiang nagtatapos sa tunog na patinig. Ginagamit dito ang tuldik na pakupya na inilalagay sa ibabaw ng huling patinig ng salita

Ang salitang /avvu/ (lubak) na binanggit sa pahayag ay ginagamit at bibigkas na maragsa na nasa huling patinig ng huling pantig ang tuldik na pakupya. Ipinahayag naman sa nakasulat na “*Yari gapa nepattu nga vullung ta lavvu ira*” . sa pasulat, ang salitang /lavvu/ (lubak), samantala sa pasalitang pahayag ay ginamit ang salitang /avvu/. Sa ibang nasasakupan ng pag-aaral ay ginagamit ang salitang /lavvu/ katulad ng nakasulat na parehong baybay gayundin ang bigkas. Maririnig naman sa mga lugar ng nasasakupan ang salitang /**baggâ**/ (bigas) na walang pagkakaiba at pagbabago sa aktwal na pagbigkas. Sa kawikaang nakasulat na “*Nu mabayu tu kitta na **bagga** I tolay na awang tu ammu na...*” Sa pasalita at pasulat ay parehong salitang /bagga/ (bigas) ang tinutukoy at walang pagkakaiba sa baybay at bigkas nito.

Ipinahayag sa itaas na “*akkang tu kunna **ugô** yatung, basta la mana nigalu mu ray*”, tinutukoy ng salitang /ugo/ (mali) ang ginawa ng nagsasalita. Ang pagbigkas ay nasa maragsa binibigkas nang mabilis, subalit ito’y may impit o pasarang tunog sa hulihan ng huling patinig ng buling pantig. Sa

nakasulat na baybay sa pahayag na “*Ngaming ay meyusa ta kakurugan, anna ta katudduwan na ugo*”. Parehong tintutukoy sa pasalita at pasulat na salitang /ugo/ ang salitang mali. Makikitang pareho ang aktwal na bigkas at baybay ng salita.

Ang salitang /galô/ na nasa bigkas na maragsa ay maririnig sa pahayag na “*galô da mana ray kaginna. Igafu nu mana puro galô*”. Dalawang beses mang binaggit ang salitang /galo/ sa isang pahayag ay nanatili ang pagbigkas nito na nasa anyong maragsa na binibigkas nang tuluy-tuloy na tulad ng mga salitang binibigkas nang mabilis, subalit ito’y may impit o pasarang tunog sa hulihan sa patinig nito. Sa nakasulat ay pareho ang baybay sa bigkas nito, makikita sa pahayag na “*Ay kinagi nga gafu ta galo, anna pakapangwa*” Ecclesiastes 2:2.

Ikalima, idaragdag ang diing **mariin** ng Ibanag. Ang diing mariin ay binibigkas nang may kabigatan sa ikatlo o ikaapat o kaya naman ay sa huling pantig ng salita at nagtatapos lamang sa patinig. Ang diing mariin ni LKS (2019 Aklat ng Bayan) sa kanyang baralila ng wikang Pambansa ay maaaring magtaglay ng isa o dalawa o hanggang tatlong uri ng tuldik ang isang salita. Sa tuldik Ibanag ay ang pahilis at pakupya ang ginagamit.

Ang salitang /yénâ/ sa usapang “*si yénâ yari nasingammu ta palengke?*” ay nagtatanong kung ang nanay ba niya ang nakita sa palengke. Ipinapahayag na ang bigkas mariin sa salitang /yénâ/ na nangangahulugang “ina ko”, tinutuldikan ng pahilis sa unang pantig ng salita at pakupya naman sa huling pantig ng patinig ng salita. Kaiba sa bigkas malumi na salitang /yenà/ na may tuldik na paiwa, na ibig sabihin ay “ina”.

Ipinapakita rin sa patanong na “*nasingammu ba si wagî?*” (nakita mo ba ang kapatid ko?) na tinutukoy ang kanyang kapatid, kaiba sa salitang /wagî/ na nasa bigkas na malumi at may tuldik na paiwa na ibig sabhin ay “kapatid”

Maririnig din ang salitang /ána/ (mga anak) sa pahayag na “*kuruga napafutu I pangaya na tuange ta ána na ira.*” Tinutukoy ang “mga anak” sa pahayag. Gayundin sa nakasulat na mga pahayag sa salitang ána/ (mga anak) “*Yaw ira ana ni David nga lallaki nga neyana ta Hebron*”. Tinutukoy ang “mga anak” ni David sa pahayag dahil ginamit ang salitang “ira” na tumutukoy sa “mga”. Kaiba ito sa salitang mabilis na /aná/ na tumutukoy sa “anak”.

Sa pahayag na “*Piga na vu áfu mu kani Bong?*”, ang salitang /áfu/ (mga apo) ay tinutuldikan ng pahilis sa unang panting ng salita, na kaiba sa salitang /afú/ na ibig sabihin ay “apo”, na binibigkas nang mabilis at tuldik pahilis sa huling patinig ng huling pantig ng salita. Binibigkas nang mariin ang salitang /áfu/ (mga apo) upang matukoy ang kahulugan ng salitang bibigkas gayun din ang binabasa.

Ang pangunahing gamit nito sa pagsulat ng Ibanag ay upang mapalitan ang pagbigkas o malaman ang pagkakaiba nito sa pagitan ng mga magkakatulad na mga salita. Maaari din gamitin ang tuldik sa iba pang bagay upang maghudyat sa mga tono ng mga pantig kung saan ang mga nakamarkang patinig ay nandoon. Kaya mahalaga na lagyan ng tuldik upang makatiyak sa wastong bigkas lalo na sa mga salitang magkakatulad ng baybay ngunit nagbabago ang kahulugan dahil sa bigkas.

Totoong maaaring magbago ang bigkas ng mga salita sa pagtagal ng panahon at nagaganap ngayon ang maling bigkas lalo na ang mga kabataan at mga bagong gumagamit ng wikang Ibanag.

b. Suliraning kinaharap sa kodipikasyon ng wikang Ibanag sa pasulat at pasalita.

1. Ang pagkakaiba ng mga pagbigkas ng salita ang pangunahing suliraning kinahaharap sa kodipikasyon ng wikang Ibanag

Bayan ng Cabagan	Bayan ng Tumauni	Wikang Filipino
Illug	Illuk	Itlog
Nyog	nyok	Niyog
Fugag	Fugak	hapòn
Muttag	muttag	bababa

Napag-alaman ni Howard Giles (2007) sa kanyang pag-aaral, pinag-aralan niya ang konsepto ng accent convergence at divergence, mula sa pag-aaral ng mga tuldik sa pananalita, lumawak ang kanyang paksang pananaliksik sa pagbabago ng mga istilong pangkomunikasyon na tinawag nang communication accommodation theory (CAT). Ang pangunahing punto ng teoryang akomodasyon ay binabago ng mga indibidwal o social groups ang proseso ng kanilang komunikasyon alinsunod sa identidad at kagustuhan. Sa madaling salita, tinatanggap ng mga mananalita ang kaibahan ng kanilang tagapakinig upang mapadali at mas maging epektibo ang proseso ng komunikasyon, sa pagkakataong ito, kung saan itinuturing ang wikang kasangkot ay isang mahalagang dimension ng identidad ng isang grupo o kultura na maaaring makaapekto sa pakikipag-ugnayan ng isang indibidwal ang kanyang wikang sinasalita.

Ayon kay Haugen (1966), matatawag na istandardisado ang wika kung iisa ang baybay at iisa ang bigkas ng mga salita, iisa ang salita sa bawat kahulugan at iisa ang balangkas na pangramatika.

2. Hindi natuldikan ang mga babasahin nakasulat sa wikang Ibanag

Mahalagang ibalik ang paggamit sa mga tuldik. Kung mahihirapang markahan ang lahat ng salita, gamitin ang tuldik upang maipatayak ang wastong bigkas lalo na sa mga salitang magkakatulad ng baybay ngunit nagbabago ang kahulugan dahil sa bigkas. Maaaring magbago ang pagbigkas ng salita sa pagtagal ng panahon, marami na sa ngayon ang nagaganap na mali ang pagbigkas dahil hindi pinapansin lalo na ang mga Kabataan na gumagamit ng wikang Ibanag.

Naging komplikado ang problema sa bigkas kapag isina-alang-alang ang mga salita sa ibang katutubong wika na may magkakahawig na baybay ngunit iba-iba ang kahulugan dahil sa iba-ibang bigkas (Almario 2018)

Pasulat

I yena anna Wawwagi ni Jesus

<https://ijase.org>

(Mateo 12:46-50; Lucas 8:9-21)

Maddagun pagalaman nga manuddu si Jesus turi ta zimittal I yena anna wawwagi. Agga taddag ira ta lawan ay nipagal da yaya.

Pasalita

Si *yénâ* yari nasingammu ta palengke?
(Nanay ko 'yung nakita mo sa palengke?)

Oh meddu nga *yená* manaw ka mangana towe ta balay mi
(Oh mahal na ina aalis ka na naman sa bahay namin)

Sa pasulat na mga babasahin makikitang walang tuldik ang salitang /*yena*/ na tumutukoy sa salitang ina sa pangkalahatan. Samatala sa pagbigkas ng salitang / *yená* / tumutukoy sa salitang ina ay malinaw na isinasaad ang kahulugan nito na isang ina, sa ia pang halimbawa, ang salitang / *yénâ* / na nangangahulugang (ina ko) o nanay ko. Sa kapangyarihan ng tuldik ay matutukoy na kung ano ang pakahulugan at tamang bigkas ng salitang Ibanag.

Isinusulat ang isang kaisipan o mga pangyayri upang Mabasa ng iba at sinusukat hindi lamang para pakibagayan ang sariling kaalaman kundi para sa mga babasa ng may tamang bigkas sa salita. Santos (1974 nasa Zafra 2019)

Konklusyon/Rekomendasyon

Sa kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na konklusyon at rekomendasyon.

Sa pagsulat sa Ibanag, ang pangunahing gamit nito, ay upang mapalitan ang pagbigkas o malaman ang pagkakaiba nito sa pagitan ng mga magkakatulad na mga salita. Maaari din gamitin ang tuldik sa iba pang bagay upang maghudyat sa mga tono ng mga pantig kung saan ang mga nakamarkang patinig ay nandoon. Kaya mahalaga na lagyan ng tuldik upang makatiyak sa wastong bigkas lalo na sa mga salitang magkakatulad ng baybay ngunit nagbabago ang kahulugan dahil sa bigkas. Totoong maaaring magbago ang bigkas ng mga salita sa pagtagal ng panahon at nagaganap ngayon ang maling bigkas lalo na ang mga kabataan at mga bagong gumagamit ng wikang Ibanag.

Ang isang suliraning kinahaharap ng wikang Ibanag ay ang pagkakaiba ng pagsasalita maging sa pasulat ng isang lugar sa nasasakupan ng isinagawang pag-aaral, isa sa kapansin-pansin sa kanilang wika ay ang kanilang pagbigkas mula sa titik na /g/ na pasulat ay nagiging /k/ sa kanilang pagbigkas, Gayundin da iba pa nilang mga salita na kung saan ang pasulat na titik /g/ ay binibigkas ng titik /k/. sa pagkakataong ito, ang naging impluwensya ng lahing Intsik sa bayan ng Tumauni ay isang malaking salik na nakaiimpluwensya sa pananalita at pagbigkas ng mga naninirahan sa bayan ng Tumauni, Isabela. Sa pag-aaral ni Howard Giles (2007), pinag-aralan niya ang konsepto ng accent convergence at divergence, mula sa pag-aaral ng mga tuldik sa pananalita, lumawak ang kanyang paksang pananaliksik sa pagbabago ng mga istilong pangkomunikasyon na tinawang

<https://ijase.org>

nang communication accommodation theory (CAT). Ang pangunahing punto ng teoryang akomodasyon ay binabago ng mga indibidwal o social groups ang proseso ng kanilang komunikasyon alinsunod sa identidad at kagustuhan. Sa madaling salita, tinatanggap ng mga mananalita ang kaibahan ng kanilang tagapakinig upang mapadali at mas maging epektibo ang proseso ng komunikasyon, sa pagkakataong ito, kung saan itinuturing ang wikang kasangkot ay isang mahalagang dimension ng identidad ng isang grupo o kultura na maaaring makaapekto sa pakikipag-ugnayan ng isang indibidwal ang kanyang wikang sinasalita.

Batay sa nabuong konklusyon ng pananaliksik, inirerekomenda ang mga sumusunod: Palawakin ang kodipikasyon ng wikang Ibanag, palakasin ang elaborasyon ng wikang Ibanag at magsagawa ng pagsusuri sa mga babasahing nalathala o nasusulat sa wikang Ibanag,

Sanggunian

Almario, Virgilio S. (2015). Pagpaplanong Wika at Filipino. Komisyon sa Wikang Filipino.

Gusaling Watson, 1610 Daang JP Laurel, San Miguel, Maynila

Antonio, A. (2021). Syntactical Scrutiny: Inaccuracies in the Lesson Planning of Non- Language Pre Service Teachers.

Balog, P., & Gonzales, E. (2021). From Linguistic Landscapes to Teaching Resources: A Case of Some Rural Areas in the Province of Quezon. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 1(2), 23–44.

Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 3(July Special Issue), 189–204. <https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163>

Bangan, E.(1976). Ibanag folk literature. MA Thesis, University of the Philippines.

Brandes, C. O. & Scheerer, O. (1927-28). On sandhi in the Ibanág language. In Otto Sheerer (ed.), *The Archives* 6, 5-42. Manila: University of the Philippines.

Dayag, Danilo T. (1993). The Ibanag pasyon: Form and metaphors. Unpublished Master's thesis, De La Salle University, Manila.

- Dita, S. N. (2011a). Ibanag nominal marking system. In S.N. Dita (Ed), issues and trends in applied Linguistics in the Philippines: A decade in retrospeer (pp.152-165). Manila, the Philippines: Vibal Publishing
- Dreisbach, J. J. (2020), Teorya ng Akomodasyon. Dalumat e-Journal
- Ibarbia, Z.B. (1969). An Ibanag-English dictionary. Ph.D. dissertation, A&M University, Texas.
- Elli M. (2013). A Contrastive Study of Ibanag and Itawis Morpological Processes
- Gordon, R. G., Jr. (Ed.). (2005). Ethnologue: Languages of the world, Fifteenth editon. Dallas, Texas: SIL international. <http://www.ethnologue.com>
- Komisyon sa Wikang Filipino. (1997). Ibanag-Filipino lexicon. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- Santiago, Alfonso O. et al (2003). Makabagong Balarilang Filipino. Binagong Edisyon. Rex Bookstore Inc., Manila
- Santiago, Alfonso O. (1977) Panimulang Linggwistika sa Filipino, Rex Bookstore Inc., Manila
- Tarun, J. Z. (2020). Towards the Development of Ibanag Orthography: the Allophones and Geminaton of Sounds of the Ibanag Language Structure. Journal of Higher Education Theory and Practice. Vol 20. No.3
- Tarun, J. Z. (2016). Language Planning and the Programs in Filipino of Higher Education Institutions. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 4, No. 4
- Tauli, Valter. (1970). The Introduction to a Theory of Language Planning. Scholarly Journal, Strassburg Vol 75.
- Tharp, James A. (1974). The Northern Cordilleran subgroup of Philippine languages. Working Papers in Linguistics, Department of Linguistics, University of Hawaii 6(6), 53-114.
- Verstraelen, Eugene, SVD. (1973). Analysis of Ibanag. Philippine Quarterly of Culture and Society 1(3), 175-199.